




Protektahan natin ang Human Rights at panatilihin ang mainam na paninirahan sa Gifu City

[Ekstra2]

Pag-isipan natin ang mga bias o diskriminasyon patungkol sa COVID-19



Ang kalaban natin ay COVID-19,
Hindi ang TAO !
Gusto natin iwasan ang virus,
Hindi ang TAO !



Walang tao na humihiling na magka-virus



ngunit, may mga tao pa rin na nahahawaan



Kung ang mga taong nahawahan ng covid-19 ay nahawahan ng isang virus na hindi nila nakikita, dapat ba nating tratuhin sila nang iba kaysa sa mga nahawahan ng trangkaso?

Mga pangamba

Marami ang gustong mawala ang kanilang mga pangamba at takot o di naman kaya'y umiwas sa ibang tao o mga kapamilya. Subalit ang labis na pag-aalala sa patuloy na pagtaas ng kaso ng COVID-19 ay maaaring maging sanhi ng mga ugaling hindi kanais-nais tulad ng paninirang puri o sisihin ang mga nagkakasakit dahil sa kanilang sariling kapabayaang. Ang ganitong pag-uugali ay mali at hindi katanggap-tanggap.

STOP ! Bias · Diskriminasyon · Paninirang Puri



Likas sa mga tao na protektahan at subukang ilayo ang kanilang sarili sa mga bagay na hindi pa lubusang maunawaan at pinaniniwalaang mapanganib. Ngunit ang pagkalat ng tsismis, maling imposmasyon at ang hindi makatuwirang pananakot sa ibang tao ay nagdudulot ng masamang epekto sa mga may COVID-19, medical staff at sa kanilang mga pamilya. Hindi natin dapat pinapalagpas ang ganitong pag-uugali.

Lahat ay maaaring mahawaan at maging biktima ng mga naturang gawain.